

2020.7.31

Gifu Prefecture COVID-19 Response Headquarters
 “Emergency Measures laban sa 2nd Wave” (Extract)

1. “2nd Wave” COVID-19 State of Emergency

- Ang “2nd Wave” ay narito na
 - **Tumataas ang PCR test positive rate.**
- Ang mga impeksyon ay kadalasang nangyayari sa mga restawran na nag-aalok ng mga inuming may alak sa Aichi Prefecture, lalo na sa Nagoya.
 - **60% ng mga taong infected sa prepektura ay mula sa Aichi Prefecture.**
 - **70% ng mga infected sa Aichi Prefecture ay nagmula sa mga restawran na nagsisilbi ng alak, tulad ng mga club at bars, sa downtown.**
- Biglaang pagtaas ng mga impeksyon sa "kabataan", sunud-sunod na paglitaw ng "school cluster".
- Mga dapat alalahanin sa pagkalat ng impeksyon mula sa mga kabataan hanggang sa matatanda
 - **Ang pagdami ng impeksyon sa matatanda ay mabilis na magdudulot ng problema sa mga medical institutions. (Panganib ng pagtaas ng bilang ng mga malulubhang kaso).**
 - **Kailangan rin pag-ingatan ang pagkalat ng impeksyon sa mga dayuhang residente.**
- Ang pagdami ng aktibidad ng mga tao sa hinaharap
 - **Sa Agosto 1 ang opisyal na “summer vacation”**

2. Emergency measures (All Gifu)

(1) Mensahe sa mga Mamamayan ng Prepektura

- Iwasan kumain at uminom ng may alak sa Aichi Prefecture, lalo na sa Nagoya
- Lubos na pagiingat sa summer vacation ng mga paaralan at *obon yasumi*
 - **Ang Health Check Card ay gagamitin ng mga estudyante para i-manage ang pisikal na kondisyon araw-araw.**
 - **Ang mga magulang ay kukumpirmahin na ginagawa ng mga estudyante ang tamang aksyon para maiwasan ang impeksyon.**
 - **Iwasan pumunta sa lugar na magsisiksikan ang mga tao o matataong lugar tulad ng mga salu-salo, party, karaoke, atbp.**
 - **Magingat kapag lumalabas ng prepektura o pumupunta sa mga lugar kung saan lumalawak ang impeksyon, lalo na sa Aichi Prefecture.**
- Lubos na Pagpapatupad ng Basic Measures para maiwasan ang impeksyon
 - **“Social Distancing”, “Paggamit ng Mask”, “Handwashing”**

- Umiiwas sa 3 M's (Masikip, Matao, Malapitang Pag-uusap) na lugar
 - Self-monitoring ng kondisyon araw-araw. Kung hindi maganda ang pakiramdam, huwag lumabas.
 - Magrehistro at gamitin ang “QR Code Infection Alert System” ng Gifu at “COVID-19 Contact-Confirming App (COCOA)” ng gobyerno ng Japan.
- Masusing Pagsunod sa Activity Guidelines
- Kung nagkaroon ng infected na tao dahil sa isang pasilidad na hindi lubusang nagpapatupad ng mga hakbang sa pag-iwas sa impeksiyon, ang pangalan ng pasilidad ay isisiwalat sa publiko at gagawa ng on-site inspeksyon batay sa Infectious Diseases Control Law.
 - Alinsunod sa special measures law, maikedemanda ang individual na pansamantalang pagsara at ‘industry guidance’ sa mga pasilidad kung saan naganap ang cluster.
 - Aktibong pag-dikit ng mga “Preventive measures in progress” na stickers, at pagrekomenda ng mga pasilidad na mayroong stickers (mailalathala sa Prefectural homepage, magazines at websites)